Republika ng Pilipinas
Departmento ng Edukasyon
Rehiyon V
Sangay ng Sorsogon

Pebrero 23, 2021

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 34, s. 2021

DANGAL NG PANITIKAN 2021 NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF)

SA: Kawaksing Tagapamanihala
SGOD at CID Chief
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Tagamasid Pandistrito
Punong Guro at Namumunong Guro sa Antas Elementarya at Sekondarya
Sa Kinauukulan

1. Ang Departamento ng Edukasyon - Sangay ng Sorsogon ay lubos na nakikiisa sa isasagawang patimpalak ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) hinggil sa DANGAL NG PANITIKAN 2021 at hinihimok ang mga kawani sa paglahok sa gawaing ito.

2. Ang mga panuntunan sa nabanggit na patimpalak ay ang mga sumusunod:

a..Ang DANGAL NG PANITIKAN ay ang mataas na pagkilala sa naiambag sa panitikang Filipino o *lifetime achievement award*. Binibigyang-pagpupugay nito ang natatanging manunulat na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at iba pang wikang panrehiyon o panlalawigan.

b.Bukas ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Filipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

c.Para sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababa sa apatnapung (40) taon. Para sa mga samahan, tanggapan, ahensiyang pampamahalaan, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababa sa limang (5) taon.

d.Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa panitikang Filipino at mga katutubong wika ng Filipinas (kinakailangang ilahok sa nominasyon bilang pruweba).

e.Ang mga nominado ay marapat na manggagaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mula sa labas ng KWF.

f.Para sa onlayn na nominasyon, sagutan ang pormularyo sa link na ito: http://forms.gle/CJuAonoKajcTfnv57 at ihanda ang sumusunod na dokumento na naka-pdf: (1) KWF Pormularyo sa Nominasyon; (2) Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng

Sorsogon Sports Complex, Sorsogon City, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph

kwalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahan at nilagdaan ng nagnomina; (3) Curriculum Vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahan); at (4) Mga pruweba sa katipunan ng mga akda na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

g.Para sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang sumusunod na dokumento na binanggit sa titik f at ipadala sa:

Lupon sa Gawad Dangal ng Panitikan 2021
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

h.Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa 12 Marso 2020, ika-5 ng hapon.

i.Ang tatanghaling Dangal ng Panitikan 2021 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng KWF sa Araw ni Balagtas sa 2 Abril 2021.

j.Para sa iba pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349 o magpadala ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

3. Kahingian sa mga lalahok sa nabanggit na patimpalak ang pagpapabatid sa punong-guro at tagamasid pampurok sa pagnanais na sumali. Ang tala ng mga lalahok ay isusumite kay *Sharon A. Vito, Tagamasid Pansangay sa Filipino*.

4.Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

JOSE L. DONCILLO, CESO V
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
PATIMPALAK KURIKULUM
PAG-UNLAD NG GURO/MAG-AARAL FILIPINO

CID/scav

Sorsogon Sports Complex, Sorsogon City, Sorsogon 4700
Landline: (056) 421-5415
Email: sorsogon@deped.gov.ph
Website: depedsorsogon.com.ph